# Hatol sa Maguindanao massacre, ihahayag ngayon

Balita · 19 Dec 2019 · 2 · Nina JEFFREY G. DAMICOG at BETH CAMIA

Matapos ang mahigit 10 taon, ibababa na rin sa wakas ang hatol sa mga akusado sa mga inakusahan ng murder sa tinatawag na 2009 Maguindanao massacre.

Ipapahayag ni Quezon City Regional Trial Court (RTC) Branch 221 Judge Jocelyn Solis-Reyes ang hatol sa kaso ngayon umaga ng Huwebes, Disyembre 19, sa court room ng Quezon City JailAnnex compound sa Camp Bagong Diwa ng Philippine National Police (PNP) sa Taguig City.

Dadalo para dinggin ang mga kasong inihabla sa kanila ang 101 nakadetineng akusado kabilang ang pangunahing akusado, ang magkakapatid na sina dating Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) Governor Zaldy Ampatuan at dating Datu Unsay Mayor Andal Ampatuan.

Kabilang sila sa 197 kataong inisyal na kinasuhan sa 58 counts of murder kaugnay sa kaso.

Bukod sa 101 nakadetineng akusado, walo ang namatay na kabilang ang ama ng magkapatid na si dating Maguindanao Governor Andal Ampatuan Sr. na pumanaw sa sakit na liver cancer noong Hulyo 2015 habang nakaratay sa National Kidney and Transplant Institute sa Quezon City.

sa 197 akusado, dalawa ang naging state witness at anim ang napawalangsala, habang ang iba pa ay nagtatago pa rin.

Sinabi ni Supreme Court (SC) Spokesman Brian Hosaka na ang promulgation ay magsisimula 9:00 ng umaga at maaaring abutin ng apat na oras dahil sa mahabang desisyon na isinulat ni Reyes.

HIGHEST SECURITY ALERT Gayunman, sinabi ni Brig. Gen. Debold Sinas, acting director ng National Capital Region Police Office (NCRPO), na ang buong Camp Bagong Diwa ay nasa pinakamataas na security alert status bilang bahagi security measures— na kabibilangan ng istriktong entry at exit ng mga pulis maging sa loob ng kampo simula Miyerekules hanggang Huwebes.

Dahil dito, naka-lockdown ang Camp Bagong Diwa simula 6:00 ngayong umaga.

Kahit na sinikap niyang mag-apply para sa puwesto bilang mahistrado sa Court of Appeals (CA) noong 2015, dininig ni Reyes ang Maguindanao massacre case mula sa simula at inexempt ng Supreme Court sa pagkuha ng iba pang kaso.

Dadalo rin sa promulgation ang government prosecution team sa pamumuno ni Senior Assistant State Prosecutor Emilia Victorio.

Pupunta rin si Senior Deputy Prosecutor General Richard Fadullon, na unang namuno sa prosecution team ngunit pinalitan noong 2011.

Ibinunyag ni Fadullon na sa pagdaan ng mga taon, nagpaiba-iba ang bumubuo ng government prosecution team.

Sinabi niya na tanging si Victorio ang humawak sa kaso simula sa umpisa at hiniling na manatili hanggang sa dulo ay naging pinuno ng government prosecution team matapos magretiro at kalaunan ay pumanw ang dating head na si Taguig City Prosecutor Archie Manabat.

Noong Nobyembre 23, 2009, 58 katao ang pinaslang kabilang ang 32 mamamahayag sa Barangay Salman sa Ampatuan, Maguindanao.

Ang mga pinaslang ay bahaging convoy na sumasama sa grupo ni Buluan town Vice Mayor Esmael Mangudadatu para iparehistro ang kanyang pangalan para sa 2010 gubernatorial election.

Ang kaso ay itinuturing na worst media killing at worst election-related killing sa kasaysayan ng Pilipinas.

KASAYSAYAN NA Inaasahang magiging bahagi ng kasaysayan ng administrasyong Duterte ang pinakahihintay na magiging hatol ng korte sa Maguindanao massacre.

Ito ang sinabi ni Presidential Task Force on Media Security Executive Director Undersecretary Joel Egco na isa sa mga sumubaybay mula umpisa hanggang sa pagtatapos ng paglilitis ng tinaguriang trial of the century.

Ayon kay Egco, kumbinsido siyang may kinalaman ang political will ng kasalukuyang pamahalaan para sa wakas ay masaksihan na ng publiko ang magiging lundo ng nabanggit na kasong inabot na ng dekada sa pagdinig.

Hindi maitatanggi ani Egco na magiging parte na ng Duterte legacy ang magiging paghatol ng hukuman ngayong araw, Disyembre 19, sa nasabing kaso ng dekada.

Kumpiyansa si Egco na makakamit ng naiwang pamilya ng mga biktima ng Maguindanao massacre ang inaasam-asam na hustisya na naging mailap sa nakalipas na isang dekada.

LIVE MEDIA COVERAGE Inilatag na ng Korte Suprema ang mga panuntunan para sa maayos na live media coverage sa pagbaba ng hatol sa mga akusado sa Maguindanao massacre case.

Magsisilbing media pool ang government TV network na PTV-4.Ibig sabihin, ang PTV lamang ang maaaring makapagset-up ng kanilang broadcast equipment sa loob ng korte.

Sa naturang network manggagaling ang signal feed patungo sa ibang media networks.

Mahigpit namang ipagbabawal ang kahit na sinong eksperto o komentaryo sa kasagsagan ng promulgation.

Bawat media outfit ay isang reporter lamang ang pahihintulutang pumasok sa media room.

Hindi rin papayagan ang media interviews sa loob ng courtroom at Metro Manila District Jail o Annex 2 sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig kung saan gaganapin ang promulgation.

Maaari lamang mag-interview pagkatapos ng promulgation sa labas ng BJMP facility.

Ipagbabawal rin sa courtroom ang cellphone, audio recorder, video recorder at iba pang gadgets.